

Chapter One



That took a lot of guts. For someone like Elrond, pagmamakatapang ang ginawa nito.

And Anika wanted to say yes. Not because she didn't want to hurt him but because the feeling was mutual. Ang problema lang, may pangako siyang kailangang tuparin.

“Friends na lang tayo, Ron.”

Nakita niya kung paano bumagsak ang mga balikat ng binatilyo. Gusto niya na sanang bawiin ang desisyon.

They heard someone snicker from behind them—si Billy. Isa itong bully sa *Santa Catalina High*, ang eskwelahan nila. Nakasunod ito at

ang kaibigan nitong isa ring bully. Karaniwang pinagtitripan ng mga ito ang kanyang kababata dahil sa kondisyon ni Elrond.

Hinila niya ang kaibigan para bilisan ang paglalakad. Huling araw na iyon ng eskuwela. Vacation break na kinabukasan at fourth year high school na sila sa pasukan.

Pero mukhang wala namang pakialam ang kaibigan sa mga bully na nakasunod sa kanila. “Pero gusto mo rin naman ako, hindi ba?” anito.

Humagalpak ang tawanan mula sa likuran nila. “Syet! Nanliligaw nga si Pipi. Eh supot pa nga yata!”

Pinamulahan ng mukha si Elrond. Huminto ito at matalim na nilingon ang dalawa.

“O ano, Pipi? Kakasa ka?” matapang na untag ni Billy.

Likas na tahimik ang kababata. Hindi ito pumapatol sa mga nang-aasar dito. Pero mukhang handa itong makipagsuntukan ngayon. Matangkad din naman ito, kasing-laki ng dalawa. Pero puwedeng pagtulungan ang binatilyo ng mga bully. At walang puwedeng sumaklolo sa kanila. They were walking along the highway; sa kaliwa at kanan nila ay puro taniman ng palay. Bukod sa mga dumaraang mga tricycle at iba

pang mga sasakyan, walang masyadong tao na naglalakad sa parteng iyon.

Magkapitbahay sila sa bayan ni Elrond. Medyo malayo iyon sa *Santa Catalina High*. Karaniwang nagta-tricycle sila papasok, pero pauwi ay naglalakad sila para makapagkuwentuhan pa nang matagal.

Tinapik ni Anika ang kasama sa balikat at nag-sign language. *‘They are not worth it.’*

Muling ibinalik nito ang masamang tingin sa dalawa. Kinalabit niya ito. Hinipo niya ang sariling noo at itinuro ang dibdib. *‘For me.’* Idinampi niya ang magkadikit na hintuturo at middle finger sa bibig at ikinumpas iyon pababa: *‘Please.’*

Lumambot ang ekspresyon ng kababata at naglakad na uli sila.

Pero hindi pumayag si Billy na umalis sila. Mabilis itong humarang sa kanilang daan. Hindi man nito naintindihan ang mga isinenyas niya, halata ang pagmamalasakit niya kay Elrond na tila hindi natanggap ng bully.

“Gusto mo siya, Anika?” Nang-uuyam ang tono nito.

Gustung-gusto! Kung puwede nga lang ay sabihin niya, pero naalala niya ang Nanay Terry

niya, kaya ang sinabi niya, “Gusto ko si Elrond bilang kaibigan.”

Habang sumilay sa mukha ng kababata ng dismay, ngumiti at nag-high five ang dalawang bully. Naging halata na kay Anika na type siya ni Billy kaya pinagtitripan nito ang kaibigan niya.

“So, ano nga ang gusto mo sa isang lalaki?” Malakas ang kumpiyansa nito dahil may hitsura ito.

“Basta hindi bully na katulad mo,” supalpal ng dalagita.

Sa halip na panigan, pinagtawanan pa ito ng kabarkada. Nagpatuloy si Anika, feeling vindictive para sa kasama. “Kung hindi ka babait, walang magkakagusto sa ‘yo.”

Sandaling napamaang si Billy sa kanya. Ang akala niya manggugulo pa, pero mabuti na lang hinila na ito ng kasama nito.

Muling bumaling si Anika sa tahimik na si Elrond. She wanted to explain everything, to tell him about her own feelings. She ended up saying sorry instead.

“Okay lang, naintindihan ko.” Matipid na nginitian siya nito pero halata ang kalungkutan sa mukha. “Pinagtiyagaan mo akong kaibiganin mala n’ung mga bata pa tayo. Nag-aral ka pa ng

sign language para makausap ako. Ang akala ko, kinaawaan mo ako noong una. Pero inisip ko, mapagmalasakit ka lang talaga. Kaya heto ako ngayon, Nica. Medyo nagkaroon na ako ng kumpiyansa sa sarili ko. Siguro dapat na itanaw ko ng loob na kinaibigan mo ako.”

Hindi nagustuhan ni Anika ang huling sinabi ni Elrond. “Nagse-self-pity ka ba?”

Napatitig siya sa mestisuhing binatilyo, sa maamong mga mata nito na muling naging mailap sa kanya. Sinasabi nitong okay lang na magkaibigan sila pero masama ang loob nito!

Iniba na lamang niya ang topic. “Mag-scrabble tayo bukas?”

Ikinakunot-noo niya nang tugunin siya nito via sign language. *‘Hindi ako puwede.’*

‘Sa makalawa?’ Isinenyas na rin niya ang sumunod na tanong. Medyo nainis siya sa binatilyo. Bakit ito nagsi-sign language?

Noong eight years old sila ay nakakapagsalita na ito sa kanya. Karaniwang ginagamit ng kababata ang sign language sa mga taong hindi nito makausap, partikular sa pamilya nito. In their case, nagsi-sign language sila kung gusto nilang mag-usap nang pribado para walang makakarinig.

May Selective Mutism si Elrond. Hindi talaga pipi, pero may mga pagkakataong hindi ito nakapagsasalita. Bukod sa kapitbahay, dati itong estudyante ng nanay niya na isang speech therapist.

Hindi permanente ang Selective Mutism at nai-improve ng therapy. Sa kaso ng binatilyo, nagugat ang kondisyon ng kaibigan sa pagkamatay ng mommy nito. Nawawalan ito ng boses sa mga bagong kakilala, sa mga kasambahay, sa ama, lola at sa mga kapatid nito. Nagmimistulang estatwa si Elrond kapag kaharap ang sariling pamilya.

Interestingly, he could have casual conversations with other people. Bukod sa kanya, normal itong makiharap sa mga schoolmates, teachers, maging sa psychiatrist at sa kanyang ina.

“Huy, okay ka lang ba? Seryoso, Pogi?”

‘*Pogi ka dyan.*’ Iniwan na siya nito.

Humabol naman siya. “Alam kong galit ka. Pero sorry talaga. Ayaw ng nanay ko na—”

Naging marahas ang bawat galaw ng kamay ng kausap. ‘*Ayaw mong maging tayo dahil ganito ako?*’

“Hindi totoo ‘yan!” Napamaang si Anika. “Kaya ba ayaw mo akong pagpaliwanagin? Galit

ka?”

Gamit ang magkabilang mga kamay, gumawa ito ng ‘W’, ipinagdidikit ang magkabilang hintuturo habang naka-point out palabas ang mga hinlalaki: *‘Ewan ko sa ‘yo.’*

May paparating na tricycle at bigla iyong pinara ng binatilyo at naiwan siyang mag-isa sa gilid ng highway.

“Makitid!” she shouted desperately. “Mali ka ng iniisip!”

Ibinandona siya, pero hindi naman iyon ang unang beses. Nakadama si Anika ng pait. Inunawa na lamang niya ang kababata, katulad ng lagi niyang ginagawa.

“Nica, ayaw kong mag-boyfriend ka nang maaga dahil baka mag-asawa ka na rin.” Parang narinig ni Anika ang tinig ng ina nang mabisto nito na nililigawan siya ni Elrond. *“Alalahanin mo ang Kuya Armand n’yo...”*

Ang tinutukoy nito ay ang panganay sa kanilang tatlong magkakapatid. Nag-asawa ito nang taong nagdaan at hindi na naka-graduate ng college. Graduating na sana ito sa kursong Architecture ngayong Marso, ang kaso ay nabuntis nito ang nobya.

“Kinabukasan n’yo lang ang iniisip ko. Gusto ko,

kahit wala na ang tatay n'yo ay maitaguyod ko pa rin kayo nang maayos," sabi pa sa kanya ng ina.

Hindi raw dapat malaman ni Elrond ang tungkol sa rason ng nanay niya, kaya habang naglalakad pauwi, pilit nag-isip si Anika kung paano makakabawi sa kaibigan. Sisikapin niya na makapaglaro sila ng scrabble.

Sa malas, wala na ito nang sumunod na araw. Matagal na palang napagdesisyunan ng ama nitong si Roland Abejar na bumalik na sa Amerika. Isinama ng ginoo ang mga anak, kabilang ang kababata para sa abroad na muling manirahan.

Chapter Two



Twelve years later...

Biyernes ng hapon, walang klase kinabukasan kaya nagre-relax si Anika habang nagpe-Facebook. Nag-e-enjoy na sana siya sa posts ng mga kakilala at mga co-teachers nang makita niya ang bagong picture ni Elrond. Awtomatikong nai-click niya ang profile page nito at nakita ang isa pang bagong larawan ng binata kasama ang girlfriend nito sa Amerika.

Ouch! naisaloob niya.

Naka-tag ang former best friend sa picture. Kuha iyon sa isang engrandeng company event, sa isang convention hall. Habang napakatikas

ng kababata sa puting tuxedo, ang hot naman ng redhead na nobya nito sa puting venus-style evening gown. Parehong maluwang ang pagkakangiti ng dalawa. May hawak silang champagne glass na tila nakikipag-toast sa photographer.

“Naka-uniform ka pa, Ate?” Muntik na niyang maitaklob ang lid ng kanyang laptop sa pagkarinig kay Annalyn. Nasa likuran na pala niya ang nakababatang kapatid.

Tiningala niya ito. Mas matangkad ang babae sa kanya pero mukhang boyish sa barber’s cut na buhok. Tila lalabas ito dahil suot ang paborito nitong blue T-shirt at usong jeans na may butas sa magkabilang tuhod.

“H-hindi ka ba talaga marunong kumatok?” Pulang-pula ang mukha ni Anika sa pinaghalong pagkapahiya at pagkaasar. Iyon iyong tipong nahuli siyang gumagawa ng krimen. Hindi naman kasi dapat na binibisita pa niya ang *FB* profile ng supladong si Elrond.

“Nakaawang ang pinto nitong room mo,” Annalyn scoffed. “Natural, papasok na lang ako. Anyway, let’s go.”

Bunso ito sa kanilang magkakapatid. Habang mas matanda sa kanya ng apat na taon ang Kuya

Arman niya, mas bata naman ng dalawang taon ang babae sa kanya. Pareho sila nitong graduate ng Education at kasalukuyang co-teachers sa PESL o *Paaralang Elementarya ng San Luis*, sa SPED Department. Wala pa rin itong asawa katulad niya. Pero hindi paris niya, nasunod talaga ng bunsong kapatid ang kalooban ni Nanay Terry na hindi muna magnobyong habang nag-aaral. Masyado kasi itong mataray kaya walang nagtangkang nanligaw.

“Hindi ako sasama. Kayo na lang ang gumimik.” Muling binuklat ni Anika ang laptop. Aalis na sana siya sa wall ng kababata nang punahin ni Annalyn ang nobya nito.

“Fil-Am siguro ang bago niyang girl? Redhead pero mukhang Pinay.”

Alam ng kapatid ang damdamin niya para sa dating kaibigan. Dere-derecho pa rin ang bibig nito gaya ng dati; gustong gumising na siya sa katotohanan. “Dapat, Ate, binawi mo na ang friend request mo sa taong ‘yan, matagal na. Nagmumukha ka tuloy engot na ‘kala mo kung sinong artista ang pina-follow. A*shole ‘yang si Ron-Ron. Tumigil ka na d’yan.”

May katapangan din naman siya. But at that point, mas nasa tama ang kausap. She changed

the topic. “Ililibre nga raw ba kayo?”

“Pa-birthday blowout ng ex mo. Iti-treat niya ang buong SPED Department. Bihis na...”

“Si Billy? Ah, lalo nang ayoko.” Dumerecho na si Anika sa pagkakaupo sa gilid ng kanyang kama. “Magtse-check pa ako ng mga assignment ng mga estudyante ko para ready na ako sa *Walk for a Cause* natin sa Linggo.”

Ang event ay parang fun run pero dahil mga PWD ang makikibahagi, maglalakad sila sa halip na tatakbo. Fund raising iyon bilang bahagi ng NDPR o National Disability Prevention and Rehabilitation week ng eskuwelahan.

“So, Ate... Kailan mo titigilan ang pagiging stalker kay Ron-Ron?” biglang usisa ni Annalyn. “Nahihirapan na akong makita kang miserable.”

Napamaang siya. Hindi pa pala sila tapos sa topic tungkol kay Elrond?

With the mention of her ex-best friend’s nickname, her heart turned cold. Nang umalis ang kababata, noon niya nadiskubre na hindi lang niya ito gusto. Mahal niya ang binata. Ang ironic na kailangan pa nitong lumayo para ma-realize niya ang tunay na nadarama.

Tama si Annalyn. She’s miserable. Pero hindi naman niya pinanghihinayangan

ang katotohanan na pinalampas niya ang pagkakataong naging ‘sila’ sana ng kababata.

Mahal din niya ang ina. Hindi niya pinagsisihan ang desisyon na tinanggihan niya noon si Elrond dahil sa kanyang nanay. Pero aaminin niyang hanggang ngayon, nasasaktan siya dahil hindi siya nito inunawa.

Isang chemist ang ama ni Elrond sa *Aster Laboratories*, isang worldwide healthcare company na nagma-manufacture ng mga gamot. Nang ipasara ang planta nito sa Makati, sa main headquarters nito sa Amerika inilipat ang mga nasa research team. Kabilang sa research group ay ang ama ng kaibigan.

Matapos ang trahedyang nangyari sa pamilya, hindi na ginusto ni Mr. Roland Abejar na muling mapalayo sa mga anak. Isinama nito sa Illinois ang kanyang kababata at ang dalawa pang anak na sina Emma at Elise.

Sa loob ng mga lumipas na taon ay apat na beses lang umuwi ng Pilipinas ang binata kasama ang ama at mga kapatid. Karaniwang kay Lola Sabel, mama ni Mr. Abejar, nagpa-Pasko ang mga ito. Wala nang lolo si Elrond. Nagsosolo na ang lola nito sa malaking bahay kasama ang dalawang katulong.

“Hindi ka niya kinumusta kahit kailan, Ate.” Desidido si Annalyn na putulin na niya ang kahibangan. “Right?”

“Wala siyang time para mamasyal. Si Lola Sabel lang ang talagang dahilan ng pag-uwi nila rito,” kaswal na sagot niya.

“Hindi siya gumawa ng paraan para magka-communication kayo.”

“Hiningi ko sa lola niya ang address nila sa Illinois. Sinulatan ko siya at ang mga ate niya dahil naging mga kaibigan ko rin naman sila. May mga natanggap akong sagot mula kina Elise at Emma, pero sa maraming sulat na ginawa ko para kay Elrond, wala siyang sinagot na kahit isa. Inisip ko na lang na tamad siyang magsulat..”

Excuse lang iyon. Kilala niyang mahilig magsulat ang dating best friend. Mas nae-express kasi ni Elrond ang damdamin sa pagsusulat noong mga panahong hirap pa itong magsalita. Talaga na lang sigurong hindi na siya napatawad ng lalaki sa pambabasted niya.

“Okay, ikaw na panalo.” Bumuntong-hininga siya. “Promise. Ikakansela ko na ang friend request ko sa kanya ngayong gabi.”

“Go na, Ate. Move on. Maraming mga nagkakagusto sa ‘yo. May naghihintay din.”

Ngumisi ito. “Like... si Sir Billy, love na love ka pa rin n’un. Imagine mo, dating bad boy, bully ng *Sta. Catalina High*, nagbago para sa ‘yo? At naging teacher din?”

She rolled her eyes. “No. Lolokohin ko lang ang sarili ko at siya kung makikipagbalikan ako sa kanya.”

Tinunghayan ng bunsong kapatid ang wallclock sa silid niya. Six p.m. “Whatever, bahala ka. Basta kung magbago isipan mo, nand’un kami sa gitna ng bayan. Sa *Barry’s Bar and Resto*.”

“Huwag mo kaming paghintayin ni Nanay,” sagot niya. “Be home by ten the least.”

Ito naman ang nagtirik ng mga mata, sabay hinaplos ang barber’s cut na buhok. “Ate naman... seriously?”

As expected, walang Annalyn ang nagpakita sa kanila nang dakong alas diez ng gabi. Nang i-text niya ito, nagkakatuwaan pa raw kaya mayamaya pa makakauwi. Bagay na ikina-thumbs up lang ng Nanay Terry nila.

“Okay lang din na sumunod ka, anak.” Itinaboy pa siya ng ina.

“Inaantok na ako, Nay,” mabilis niyang tanggi.

Pero dahilan lang niya iyon para tigilan na rin siya ng kapatid. Gustung-gusto kasi nito si Billy

para sa kanya. Napakatiyaga raw kasi.

Sa panig niya, ayaw niyang bigyan ng pag-asa ang ex kaya sadyang inilalayo niya ang sarili. Na-realize niya na hindi kayang palitan ninuman si Elrond sa puso niya. Malas lang, kinalimutan na siya ng kababata.

“No more.” Ang kirot sa dibdib ang tinukoy niya.

Nag-*Facebook* na uli siya. Umalis lang siya sa harapan ng laptop para samahang maghapunan ang ina pagkadating nito nang alas siete mula sa trabaho. Pero pagkalinis ng katawan at pagkapajamas ay bumalik na siya sa *FB* para i-cancel ang friend request kay Elrond.

Nang gumawa siya ng *Facebook* account six years ago, nadiskubre ni Anika na mayroon ding account doon ang kababata. Nag-friend request siya. Nangumusta. Pero hindi siya nito ini-add. Wala rin siyang natanggap na tugon sa private message niya.

Gusto niyang isipin na busy ang lalaki at madalang magbukas ng *Facebook*. Pero alam niya na nabasa nito ang PM niya. Proof ang salitang ‘seen’ sa ilalim ng mensahe niya. Naka-public din ang mga posts ni Elrond at dahil ‘follower’ siya nito, may mga notification na dumarating kay

Anika ukol sa binata.

Tama si Annalyn. Naging stalker siya ng dating kaibigan. Tahimik siyang nakibalita sa mga highlights at mga success nito, sa pag-graduate ng kababata sa kolehiyo with honors at sa mga naging promotion nito sa trabaho.

Sadyang malaki ang mga naging pagbabago sa buhay ng binata. Walang trace na tila hindi na ito ang kakilala niyang nagkaroon ng speech problem noon. Nagpaka-playboy din ito. Maraming naging girlfriend.

Itinapat ni Anika ang cursor ng laptop sa icon ng *FB* profile ng kababata na may nakasaad na 'cancel friend request'. Pero noon niya napansin na may bago siyang notification. Napamaang na lang siya pagka-click doon: *Elrond Abejar has accepted your friend request.*

Pagkuwan ay nagka-number 1 sa inbox niya. May private message. Nang i-tap niya ang numero, natuklasan niyang ang binata rin ang nag-PM sa kanya. It read: *Hello there, Nica. Party at Lola Sabel's place tomorrow. Please come.*

Kaloka! naisaloob ni Anika.

After twelve long years, nagparamdam sa kanya si Elrond. Dapat nakadama siya ng pagtatampo o pagkainis sa lalaki. Pero isang

matamis na ngiti ang humulma sa kanyang mga labi.



Please come... Nasa puso pa rin niya ang huling mensahe ni Elrond sa *FB*. Naramdaman niya sa mga salitang iyon na na-miss siya nito. At sobrang na-touch siya.

Lunch time ang simula ng okasyon. Eleven thirty sila lumabas ng bahay. Inimbitahan din sila ni Lola Sabel. Biglaan daw kaya hindi na nakapagpagawa ng invitation. Pinapuntahan na lang silang mag-iina nang maaga sa isa sa mga katulong ng mabait na matanda.

“Ano raw po ang okasyon?” Tanging si Annalyn ang hindi naging excited sa imbitasyon. Bukod kasi puyat at masakit ang ulo dahil sa pagba-bar, hindi nito gustong makita ang dati niyang kaibigan.

“Nagmamadali si Lagring kanina,” tugon ng kanilang ina. “Baka homecoming party?”

Dalawang bahay mula sa kanila ang layo ng tirahan ng mga Abejar. Three stories, may mataas na bakod, may malawak na floor area at mas elegante ang istruktura nito kumpara sa simpleng dalawang palapag na tahanan nila. Once or twice a week, dinadalaw niya ang

matanda. Nasanay na siya sa faded na kulay ng bahay kaya ikinabigla niya ngayon ang bago niyong pintura.

“Maganda na uli ang garden nila,” puna ni Nanay Terry. “Napalitan na ang mga natuyot na halaman ng mga bagong tanim. Mukhang makakasama na nga uli ni Lola Sabel ang nag-iisang anak at mga apo.”

Ni minsan ay hindi dumaing ang matanda. May mga kamag-anak ito na nakakasalamuha sa araw-araw. Puwede itong sumama sa Amerika. Lamang ay wala raw itong gagawin doon. Ayaw rin nitong iwan ang malaking bahay na alaala ng nasirang asawa.

Kung babalik na uli ang anak at mga apo nito sa Pilipinas ay talagang good news iyon. Magiging lubos ang kasiyahan ni Lola Sabel.

Lihim siyang napangiti. *At magkikita na rin sila palagi ni Elrond...*

Dumerecho sila sa loob ng mataas na gate ng bahay kung saan may dalawang kotseng nakaparada. Sa gilid ng compound, sa labas ay may ilan pang sasakyan na hindi pamilyar sa kanila.

“Mukhang maraming bisita.” Naghikab si Annalyn at inayos ang shades sa mata, itinatago

ang eyebags. “Hindi po ba nakakahiya, ‘Nay?’”

“Mas nakakahiya kung hindi tayo magpapakita.”

“Pinapuntahan niya tayo kay Ate Lagring,” Anika reminded Annalyn.

“Yeah, right,” sarcastic na sagot nito. “Also, hindi mo palalampasin ang event na ‘to, Ate.”

Hindi boto kay Elrond ang ina at kapatid kaya wala talaga siyang balak mag-share sa naging ‘progress’ niya sa dating best friend nang nagdaang gabi. Pero naasar siya na iniisip pa rin ni Annalyn na nagpapaka-pathetic pa rin siya sa binata.

“Personal na inimbata rin ako ni Ron,” kaswal na saad niya. “Nag-PM siya sa akin kagabi matapos niyang i-accept ang friend request ko sa *FB*.” Hindi niya napigilan na kindatan ang nakababatang kapatid. “Friends na uli kami.”

Hindi ito na-impress. “So, what’s the occasion daw?”

Hindi nakasagot si Anika dahil hindi niya alam. Nag-log out na rin si Elrond sa *FB* nang nagdaang gabi. Ni ang ‘*How are you?*’ na tanong niya ay hindi nito sinagot.

Mabuti na lang at tinawag na sila ng ina na nauuna sa kanilang maglakad. Sa halip na

sagutin ang kapatid, iniwan niya ito at sinundan si Nanay Terry sa isang mahabang tent, sa front lawn ng malaking bahay.

Naratnan nilang kumakain doon ang ilang kapitbahay at mga kamag-anak ng mga Abejar. May ilang foreigners at mga Pilipinong hindi pamilyar sa kanila.

Isang seksing babae na may reddish-brown at mahabang buhok ang biglang umagaw ng pansin ni Anika. Nasa harapan ito ng buffet table, may hawak na pinggan. To her astonishment, inakbayan ito ng isang mukhang pamilyar sa puso niya.

Elrond?

Parang may bumanggang bakal sa dibdib niya. Bigla siyang naguluhan. Nakilala niya ang kasama ng kababata bilang iyong current girlfriend nito sa Amerika. Pero bakit ito narito rin sa Pilipinas?

Kulang na lang ay tuktukan ni Anika ang sarili. Nang i-accept ng binata ang friend request niya at nag-PM ito sa kanya, hindi niya naisip ang tungkol sa nobya nito. Siguro dahil nag-assume siya—umasang naalala na nito ang damdamin para sa kanya.

Lalong pinalala ni Annalyn ang pait sa

kanyang dibdib. “Parang ginu-good time ka ni Ron-Ron, Ate.” Nakatanaw na rin pala ang kapatid sa kanyang former best friend at sa girlfriend nito. “Hindi naman yata homecoming party ito... kundi engagement party.”

Chapter Three



*E*ngagement party? So, what?

Pinatatag ni Anika ang sarili. Wala namang 'sila' ni Elrond. Ni hindi nga naging 'sila.' Walang kaso sa kanya. But she was fooling herself and a part of her wanted to retreat.

Katulad sa mga *FB* pictures ng dalawa, bagay na bagay ang redhead at ang kababata sa isa't isa. Parehong maputi. Habang gumanda at naging matipuno ang pangangatawan ng binata, pang-model naman ang beauty ng girlfriend nito. Sa wari niya, lamang ng dalawang inches ang height ng babae sa kanya, mas bagay sa 5'10" na height ni Elrond.

"Hey, Ate." Si Annalyn. "Huwag mong saktan

ang sarili mo—”

Sa puntong iyon, kumilos ang ulo ng binata sa kanyang direksyon. Parang tumalon ang puso niya sa mataimtim na titig nito. Medyo nabigla rin ito. Namilog ang mga mata ng kababata, humugis ng ‘O’ ang bibig. Pero kaagad din itong nagpaka-cool. Matapos siyang ngitian, kumaway ito sa kanya.

Sadyang expressive ang almond-shaped eyes ng dati niyang kaibigan. Nasabik itong makita siya. At sa naging tingin ni Elrond, pasikreto nitong ibinulong na gusto pa rin siya nito. *But that’s no true!*

Nakalingkis sa girlfriend ang braso ng binata. Paanong gusto pa rin siya nito eh, sweet na sweet nga ito sa redhead?

Sandali pang nag-lock ang mga paningin nila ni Elrond. Matapos iyon, napasulyap na rin sa kanya ang kasama ng kababata. Tinanguan ito ni Anika at nginitian. Gumanti rin naman ang redhead. Pero ikinakunot-noo niya na hindi umabot sa pares ng bilugan nitong mga mata ang mga ngiting iyon. It was more like a sneer. *Bakit?*

“Whatever, Ate,” pukaw ni Annalyn sa iniisip niya. Nakalimutan ni Anika na nasa tabi pa niya ang kapatid. Peke ang naging ngiti nito nang

kumaway kay Elrond. “D’un ako kina ‘Nay. I don’t want to be a *Tupperware* around Ron-Ron.”

Nag-panic siya. She didn’t like the idea na haharapin niyang mag-isa ang magnobyong. Pero hindi siya nakaangal. Habang kumilos na papalapit sa kanya ang binata at ang girlfriend nito, mabilis na nakaalis ang kapatid.

“H-hi!” Medyo na-concious siya sa sarili. Nakapulbos at lipstick lang siya, hindi paris ng kasama nito na napaka-class tingnan sa makeup. Hindi siya nakapag-ponytail kaya pakiramdam ni Anika ay walang kaayus-ayos ang alun-alon at lampas-balikat niyang buhok. Noon lang uli niya nakaharap si Elrond. Bakit nga ba hindi siya nagpaganda?

More to this, naa-out of place din si Anika. Noon lang niya na-realize na bihis na bihis ang pareha. Naka-longsleeves na asul ang kababata habang naka-dress na itim ang girlfriend nito. Naigala niya ang paningin sa paligid. Halu-halo naman ang bihis ng mga bisita. May mga naka-formal wear—dress at amerikana. Thankfully, may mga nakapang-casual din. Sila ng ina at ng kapatid ay kabilang sa mga naka-jeans at T-shirt.

“So? W-what’s really the dress code?” untag niya. “Hindi nabanggit ni Ate Lagring. Ano nga

ba ang okasyon?”

Kinabahan siya na baka tama si Annalyn na baka engagement party nga ang salu-salong ito! Napahinga siya nang maluwag sa isinagot ni Elrond.

“It’s just a party,” anito. “And no dress code. Type lang ng girlfriend ko na mag-formal wear kami for the family photos. Don’t worry about it.”

Nginitian ng kababata ang kasama. “Reena, this is Pogi, my childhood friend.” Ibinalik nito ang tingin sa kanya. “Pogi, Reena, my girlfriend.”

Pogi? Mula pagkabata ay tawagan na nila iyon ng binata. Originally, pang-boost niya iyon sa confidence nito na naging endearment nila bilang magkaibigan nang lumaon.

“Anika.” Gumaan ang pakiramdam niya sa pahiwatig nito na magkaibigan pa rin sila. Kinamayan niya si Reena na napataas-kilay naman.

“Gusto ko ang kulay ng lipstick mo. Red na red. Just like mine.” Feel niya ang kaplastikan ng babae. *At marunong itong mag-Tagalog?*

“I’m a Filipina.” Tila nabasa nito ang saloobin niya. “Sa Amerika na lang ako nag-aral at nagtrabaho. Me and Ronnie work for the same company... but I’m sure, you already know that.”

May malisya sa tono nito. Pero mas nagkainteres si Anika sa tawag ng babae kay Elrond. *Ronnie...*

“Her line of work?” Si Reena kay Elrond.

“Teacher ako sa SPED,” sagot niya kahit tahasan nitong ipinadama na ayaw siyang kausapin.

Tiningnan lang siya ng babae na parang hindi siya naintindihan. Ang kababata ang nagpaliwanag, “Teacher si Anika ng mga special children.”

Ginagap ni Elrond ang kanyang palad para kamayan. Napakainit ng hawak ng binata. Something familiar sparked between them. Na para bang may lumang fuse na nag-short circuit. She knew, he felt the same thing but to her dismay, he let her go.

“It’s been so long.” Parang gusto niyang pigilan ang paghinga nang muli siya nitong titigan. “Congratulations, hanggang ngayon pala ay passion mo pa rin ang tumulong sa mga PWD?”

“May... may naging inspirasyon ako,” she stammered.

“Ako ba?” Papilyo at agresibo ang pagkakasabing iyon ng kababata. Hindi niya

iyon inasahan. Tinagpo niya ang paningin nito. Nadama na naman niya base sa mga mata nito na espesyal pa rin siya rito. Pero posible ba iyon? O pinaglalaruan lang siya ng sariling emosyon?

“Actually, iisa kami ni Annalyn ng naging inspirasyon, si Nanay.” Nakabuwelo na siya. “Pero kung speech therapist siya, pinili naman naming maging teacher ng mga espesyal na bata.”

“Espesyal na bata... Well done, Anika.” Ewan kung na-imagine lang niya. Pero nakadama siya ng sarcasm sa tono ni Elrond. Tumawa ito pagkuwan. Sa muling pagkikita nilang iyon, napatunayan niya na ibang tao na ito; confident at hindi na mahiyain.

Si Reena ay naglalambing na kinurot ang boyfriend sa isa nitong braso.

“What is it, darling?”

Darling? ‘Ronnie’ kanina at ngayon darling na. Habang siya ay si ‘Pogi’? Humapdi na naman ang kanyang puso.

“Hindi ko pa nasabi sa ‘yo na may Selective Mutism ako noon. Dati akong pipi... at least, I was branded like that.”

Napamaang si Reena as if inaasahang nagbibiro si Elrond.

“It’s true.” Muling bumaling sa kanya ang

nakangiting binata. Aliw na aliw. “Here’s Nica. She can tell you everything.”

Hindi siya nakatanggi nang yayain siyang mag-lunch ng dalawa. Gutom dapat siya pero wala siyang ganang kumain. Main course ang kinuha niya—fish fillet, pancit at isang baso ng orange juice. Pero tila nagdi-dessert na siya. Grabeng sweet kasi sa isa’t isa ng kanyang mga kasama.

“How is work, Nica? How are you? Hindi na ako nakabalita sa ‘yo mula nang umalis kami,” usisa ng kababata. “Sorry din kung nito ko lang napansin ang friend request mo... at private message.”

Liar! gusto niyang isinghal. Pero nagdalawang-isip siya sa pakikisali ni Reena.

“Ronnie doesn’t give a damn about using *Facebook* or other social media flatforms.” Isang ngisi ang dumampi sa mapupulang labi nito. “As a matter a fact, I was the first one to read your message. With his consent, of course.”

The couple was sitting opposite her. Share ang dalawa sa isang pinggan ng spaghetti. Diet daw sila. Sinusubuan ni Reena ang binata. “But I’m sure, you already know that.”

Pinamulahan si Anika ng mukha.

Naunawaan niya ang malisya sa pananalita nito. Pangungumusta ang tanging laman ng private message niya, pero guilty siya sa pang-i-stalk sa boyfriend nito.

“You do not have a thing for Ronnie, do you?”

So okay, it’s out in the open! Mukhang asar sa kanya ang babae dahil insecure ito.

“No, Pogi has no thing for me.” Si Elrond ang sumagot para sa kanya. Ito naman ang nagsubo ng spaghetti sa nobya. “I will admit though that I had a crush on her once... only she rejected me.”

Muntik nang mabilaukan ang redhead at nasipat siya mula ulo hanggang paa. “No kidding?”

“Yeah.” Sumulyap din sa kanya ang binata. “Like I told you earlier, I had some speech issue.”

Pakiramdam ni Anika ay iginigisa siya at pinagtutulungan ng dalawa. Habang nilalait siya ng mga mata ni Reena, parang nag-e-enjoy naman si Elrond na saktan siya. Natupad na niya ang pangako sa ina. She could explain her side of the story. Pero hindi iyon ang tamang lugar o oras. Kung nagtiwala lang sana ang kababata sa kanya.

“It’s okay, Nica. No need to feel bad.” Mukhang unintentional naman ang pananakit ni Elrond ng damdamin. Naramdaman niya ang sincerity nito.

Na wala nang kaso sa dating kaibigan ang ginawa niyang pambabasted na ikinasama ng loob nito.

“We were young back then. I was a fool. I had no idea of what I really want.”

No idea of what I really want? Tuluyan na siyang nawalan ng interes sa kinakain. Nasaktan na naman si Anika. Hindi pala siya talagang gusto ng binata? Siya lang ang nagkagusto at patuloy na nagmahal?

Pero parang may mali sa lahat ng iyon.

Noon niya natanaw ang isang pamilyar na mukha. Inilingan niya ito na huwag lumapit, pero hindi siya nito pinansin. Nakita rin ito ng kanyang dating best friend. Pumormal ang mukha ng huli.

“Welcome back, Ron-Ron.” Ang ‘Sir Billy’ ni Annalyn ang dumating. Si William Lagaya a.k.a. Billy na ex-boyfriend niya at dating bully ni Elrond. Pero katulad niya, isa na rin itong kagalang-galang na guro ngayon. Kaya hopefully, ex-nemesis na ito ng binata.

“Hi, batchmate,” matabang na bati ng balikbayan. Sa halip na abutin ang kamay ni Billy na inilahad nito ay ang tinidor at ang plato ng spaghetti ang kinuha ni Elrond mula sa girlfriend. “They don’t call me Ron-Ron

nowadays. Ron or Elrond will do.”

Sumubo na ito ng spaghetti, hindi pinansin si Billy. Habang napataas-kilay si Reena sa pagtataka, napansin niya na nabago ang timpla nito. Mula sa maaliwalas na mukha, naging suplado ang dating kaibigan.

“What brings you here? Ahh...” Sinagot ni Elrond ang sariling tanong. “Mahilig nga palang mag-donate sa school n’yo ang lola at isa sa mga head teachers doon ang mama mo. Of course, your mom was invited by my lola. But I don’t recall her inviting you.”

Tumawa ang kanyang ex-boyfriend sa sarcasm ni Elrond. Hindi ito niyayang maupo sa mesa nila pero nagkusa itong maupo sa tabi ni Anika. Inilapag nito ang platong may pancit at fried chicken saka sumubo na rin.

Naka-semi-formal si Billy. White longsleeves at jeans. Matalino itong tingnan sa pares ng eyeglasses nito. Clean cut din ang buhok katulad ng sa kababata.

“Actually, I’m with Anika,” tugon ng lalaki. “I’m her date.”

Napamaang siya. Pero bago pa man siya makapagprotesta, nakapagsalita na si Reena. Halatang nasiyahan ito. “You two are together?”

“Ex-boyfriend ko siya,” sagot agad niya sabay sinulyapan si Elrond na patuloy lang sa paglulon ng spaghetti. Wala siyang nabasang anumang ekspresyon sa mukha nito.

“On and off,” dugtong ni Billy na nginisian pa siya.

Sinimangutan na niya ang ex-boyfriend. *Ano ba ang drama nito?*

“Good afternoon, everyone!” Napabaling silang lahat sa gitna. Si Lola Sabel ang nagsalita. Hawak nito ang isang cordless microphone.

Nasa eighties na si Lola Sabel. Puti ang nakapusod na buhok, pero ang masayahing mukha ang nagpapabata rito nang dalawampung taon. Dinaluhan ang matanda ng mga dalagang apo. Pare-parehong naka-long dress na puti ang tatlo.

Paternal grandmother ito nina Elrond. Ang mga kamag-anak ng nasirang ina ay nasa Dolores, Quezon. Hawig ng matanda ang mga apong babae sa oval-shaped na mukha, malaporselanang kutis at chinitang mga mata. Pero katulad ng kababata, namana rin ng mga ate nito ang mataas na height sa ina.

“Roland?” Gamit ang mikropono ay tinawag ng matanda ang anak.

Mula sa isang mesa na nasa gawing hulihan ng tent, nakangiting pinaunlakan ni Tito Roland ang ina. Maliban sa mas mature na image at mas mababang height, carbon copy ito ng dating kaibigan mula sa pangahang mukha at maaamong almond-shaped eyes.

“We want to thank you all for coming,” anito. “Please, enjoy.”

Hindi taga-San Luis ang mga iniwang kausap ng ginoo sa mesa nito. Karamihan ay mga naka-business suit pero ang ilan ay naka-T-shirt na may tatak na *Aster Laboratories*. Eksaktong babalikan na ng ginoo ang grupo nang magsalita si Lola Sabel sa mikropono.

“Hindi po binanggit ni Roland ang isine-celebrate natin.”

“Ma, there’s no need—” Nakangiting napakamot sa ulo nito ang ginoo. May pagkamahiyain ito. Naalala tuloy rito ni Anika si Elrond twelve years ago.

Nagpatuloy ang matanda. “Nagse-celebrate po tayo ngayon dahil pipirmi na uli rito ang aking anak at ang dalawa sa tatlo kong apo.”

Confirmed! Nakipalampak si Anika sa mga narood, pero napakunot pagkaalala sa huling sinabi nito: “... *dalawa sa tatlo kong apo.*”

Excited ang pagkakangiti ni Emma na umabrisete sa ama. Ang dalaga ang panganay nito. “Magre-retire na po kasi si Dad next year kaya naisipan namin ni Elise na mag-open ng negosyo rito. Si Ron po ay masaya pa sa Amerika. Pero hopefully, malay natin, babalik din siya rito for good katulad namin.”

Nawala ang mga ngiti ni Anika. Nanghinayang. Sa Amerika pa rin pala maninirahan ang kababata niya!

“I also have an announcement to make.” Malakas at klaro ang baritonong boses ni Elrond nang magsalita sa mic.

Siyempre, kabilang si Anika sa lumingon dito. Naging masamang senyales para sa kanya nang inalalayan nito patayo si Reena. Nag-register sa isipan niya ang pinagdududahang okasyon ngayong araw: na baka engagement party ito.

“OMG, Ronnie! Is this what I think it is?” Bakas sa mukha ng girlfriend nito ang tagumpay.

“Yes,” derechong sagot ng lalaki. Nang titigan ng binata sa mga mata si Reena, nagbaba na ng tingin si Anika. Then, she heard the inevitable. “I want to marry you.”

That did it. Sa isipan ni Anika ay namatay na siya.

Chapter Four



“Sasabay ka na ba sa plaza, Ate?”

Makalawang beses na kinatok siya ni Annalyn sa kanyang silid. Sinagot na niya ito. “Mauna ka na, maliligo pa ako.”

Five thirty ng umaga ang simula ng ‘*Walk for a Cause*’ nila. May kalahating oras pa si Anika para makapaghanda. Pero bukod sa mabigat ang katawan, parang hindi niya kayang lumabas ng kuwarto dahil sa namamaga niyang mga mata.

“Ate, okay ka lang ba?” Mas worried na ang tono ng kapatid. Palibhasa may kasalanan!

“Susunod na lang ako,” giit niya.

Pero sa halip na bumangon, nagtalukbong pa si Anika at sumubsob sa malambot niyang unan.

Magdamag siyang umiyak. Nakaya pa niya ang kirot matapos ang announcement ni Elrond. Nag-congratulate pa nga siya sa kababata at sa fiancée nito. Nagawa pa niyang ngumiti kay Lola Sabel, sa ama ng kababata at mga kapatid nito nang magpaalam na sila para umuwi. Pero nang makapagkulong siya sa kanyang kuwarto, saka niya ibinuhos ang luha.

Alam ng ina at kapatid ang damdamin niya. Pero habang pinapabayaang lang siya ni Nanay Terry, tinangka siyang aluin ni Annalyn. Ilang beses siyang kinatok ng huli nang gabing lumipas. Pinagbuksan lang niya ito matapos umamin ang kapatid na ito ang nagpapunta kay Billy para maging knight in shining armor niya.

“Kaya ba sinabi ni Billy na date ko siya?” Hindi napigilan ni Anika ang galit. “Grabe ka naman, Anna!”

“But I was right naman,” pagtatanggol ng kapatid. “Gusto ka lang talagang saktan ng Ron-Ron na ‘yun kaya ka inimbitahan. Masyadong narrow at self-centered ang taong iyon. Feeling niya inagrabyado mo siya. Clueless siya na mahal mo siya. Gusto ka niyang manghinayang na hindi mo siya sinagot.

“Tinitingnan ko kayo kanina, Ate. He was flirting

with you. Parang tine-testing kung ano ang reaksiyon mo sa bago niyang image. At, Ate... halata na gusto mo siya."

"Wala kang pakialam sa buhay ko!"

*"I just saved your a*s from humiliation," putol nito. "At least, kung nalaman ni Ron na may love life ka, hindi ka magmumukhang pathetic na umaasa pa rin na babalikan niya..." Natigilan ang kapatid nang ma-realize ang sinabi. Pero bago pa makapag-apologize, pinagsaraduhan na niya ito ng pinto.*

Lalong sumama ang loob ni Anika. Totoo kasi na nagpaka-pathetic siya. Umasa sa isang taong gusto lang pala siyang gantihan. Sa wakas, nagising siya sa katotohanan. Buong gabi niyang iniyakan ang sariling kabobohan.

Eksaktong ika-anim ng umaga ay nakarating siya sa plaza, sa gitna ng San Luis. Kung noong nagdaang araw ay si Annalyn ang naka-shades, siya naman ngayon ang nagtatago ng mga mata. Ayaw na talaga niyang lumabas para sa event, pero inalala niya ang kanyang mga estudyante.

'Bawal kang kausapin ako.' Sinabi iyon ni Anika kay Annalyn via sign language.

Maraming mga participant para sa 'Walk for a Cause', mga estudyante ng SPED, mga PWD, teachers, mga empleyado ng local government

nila at mga sponsors. Katulad niya, naka-white T-shirt na may tatak na *NDPR 2017* ang lahat ng kalahok. Nakatayo ang mga ito sa lilim ng malaking tent, nananood ng munting program na inihanda nila para sa event. Sa puntong iyon ay nagsasalita na ang representative ng kanilang bayan sa stage ng plaza.

“Ate naman!” angal pa ng kapatid. Iniwan na niya ito para hanapin ang mga estudyante niya.

Nakita niya ang mga bata sa isang lugar kasama ng iba pang special children. Excited at halos sabay-sabay na iniangat ng mga ito ang kanang braso para mag-thumbs up sa kanya. At pagkuwan ay idinampi ang hintuturo sa dibdib: ‘*Good morning*’.

Inihugis niya ang bibig at ginaya ang ginawa ng mga bata. “Good morning,” pagsasaboses niya.

Pitong elementary students ang hawak ni Anika. Tatlong lalaki at apat na babae. Halos magkakaedad—dalawang nine years old, tatlong ten at dalawang twelve years old. Saktong natapos ang speech ng representative, iginiya niya ang mga estudyante para sa pagmamartsa.

‘Walkathon’ dapat ang termino pero dahil mga PWD ang karamihan sa participants, tila

magpa-parade lang sila mula sa plaza hanggang sa *Santa Catalina High*, sa labas ng bayan. Ang mga hirap maglakad at mga naka-wheelchair ay isinakay sa jeep para makasama pa rin sa okasyon.

“Ate... at least, huwag ka namang magalit kay Sir Billy.” Sinabayan siya ni Annalyn sa paglalakad na binuntutan ng mga estudyante nito. H.I. o hearing impaired din ang tinuturuan ng nakababatang kapatid pero sa high school division ito naka-assign.

Sinagot uli ito ni Anika via sign language. Isang masamang habit na hindi na naalis sa kanya: *‘Kung masyado kang concern, ikaw ang magpaligaw sa kanya!’*

Kasabay ng pamumula nito, nagngisihan at marahas na nagsenyasan ang mga H.I. students ng kapatid na nakikiusyoso sa kanila. Tinudyo ito. Si Annalyn naman ay sinaway ang mga teenager sa pamamagitan ng pagdikit ng hintuturo sa nguso. Red na red din ang gamit nitong lipstick katulad niya.

Hindi niya pinansin ang kapatid at itinuon ang atensyon sa mga grupong nauuna sa kanila. Namataan niyang nakalingon sa kanya si Billy. Inayos ni Anika ang shades sa mga mata at

umiwas ng tingin. Pero sa pagpilig niya sa kanan, malas na nasilayan naman niya ang isa pang mukha na ayaw din niyang makita—si Elrond!

Nang ngumiti ito at tumango, binati niya ito ng pilit na ngiti.

As it turned out, isa sa mga sponsor ang pamilya ni Elrond kaya nakibahagi ito sa event. Kasama ng binata ang ama at ang mga kapatid. Pero hindi niya nakita si Reena. Lihim na ipinagpasalamat niya iyon.

Nang makarating sila sa destinasyon, sa harapan ng *Sta. Catalina High* na dati nilang eskuwelahan, namigay ang mga Abejar ng mga sandwich at inumin sa mga nakilahok. Gusto na lang sanang umiwas ni Anika sa pamilya. Pero dahil wala pa ang mga chaperone ng mga estudyante niya, nakipila na rin siya para maikuha ng pagkain ang mga ito.

“Sumabay na kayo ni Ma’am Anna sa akin pabalik.” Hindi pa man nililingon, nabosesan na niya ang nagsalita sa kanya. “Dederecho sa Lucena para magsimba at mamasyal si Mama kasama ang mga kumare niya. May sasakyan na sila kaya iniwan na niya sa akin ang kotse niya.”

Tinunghayan niya si Billy. “Hindi na po, Sir. Mauna na po kayo kasi ay hihintayin ko pa ang

mga sundo ng mga bata—” Hindi niya natapos ang sinasabi. Natanaw niya na paparating ang ilang guardians at yaya ng mga estudyante niya. Kasama rin ang mga ito sa ‘*Walk for Cause*’ nila. Pumuwesto lang sa likod ng parada.

Nakilala rin ng kausap ang mga chaperone. Nginitian siya ni Billy sa pag-asang sasabay na siya pauwi. Inilingan niya ito. “Hindi po talaga ako makakasabay sa inyo, Sir. Kayo na lang ni Anna—”

“Please, stop the ‘po’ and the ‘sir.’” Pinormalan na siya nito. Inayos ang eyeglasses sa mga mata. “Let’s cut the formality. Naging magkaibigan tayo. Ex-boyfriend mo ako. Huwag mo akong ituring na iba.”

Nadama ni Anika ang kirot sa tono nito at na-guilty siya. But what could she do?

“Kung galit ka dahil sa nangyari kahapon, I’m sorry.”

Napapasulyap na sa kanila ang mga estudyante na ikukuha niya ng pagkain. Nginitian niya ang mga bata at sinenyasan na sa unahan itutok ang mga mata. Salamat na lang at puro H.I. ang mga nakapaligid sa kanila. Walang ideya sa usapan nila.

“Okay. Sasabay na ako sa inyo. Wait lang.”



Napabuntong-hininga na lang si Anika habang nakatanaw sa papalayong sasakyan ni Billy. Siyempre, sinabi lang niya na sasabay na siya para tigilan na siya ng lalaki. Pero matapos niyang mai-endorse ang kanyang mga estudyante sa mga chaperone ng mga ito, tinakasan na niya ang kapatid at ex-boyfriend. Palibhasa nag-aral siya sa *Santa Catalina High*, pamilyar sa kanya ang shortcut mula sa eskuwelahan hanggang town proper ng San Luis.

“What are you doing here... alone?”

Magruruta siya pauwi sa likod ng paaralan. Taniman ng palay ang tatawirin niya patungo sa isang subdibisyon sa San Luis.

Natutop niya ang dalang shoulder bag sa sariling dibdib. “I-ikaw? Bakit naririto ka?”

“If you have some problem with your boyfriend, this is not a good idea to show your stubbornness.” Si Elrond. “Nagkotse papunta rito si Emma. Sa amin ka na sumabay.”

Wow... at nagpapaka-gentleman ito ngayon matapos siyang saktan?

“Hindi na, Pogi,” sarcastic na tanggi niya sabay tumulay na sa pilapil para sa tutumbuking

daan. “Malapit lang naman. Exercise na rin.”

Exercise? She scoffed at her comment. Pagod na kasi siya sa mahabang lakad mula sa plaza hanggang *Santa Catalina High*. Pero heto siya ngayon, nag-a-adventure pa.

Hindi na niya nilingon ang kababata. Maingat niyang binaybay ang makitid na pilapil. Dumerecho. Lumiko. Hanggang sa makarating siya sa parte ng taniman na tila napabayaang. Walang palay kundi pulos putik at matataas na damo na halos lampas-tao ang nasa paligid.

“This is really stupid, Nica...” Ikinagulat uli niya na muling marinig ang boses ng binata. Sumunod pala ito, “... and childish. Baka kung ano ang mangyari sa ‘yo dito. Puwede kang marape. Talagang nagso-shortcut ka pa rin dito?”

Kung hindi nga lang masama ang loob sa kanyang former best friend, mapapangiti siya sa isang alaala. May ilang beses din nilang ginamit ang shortcut na iyon noong high school pa sila. At isang beses pa nga ay nahulog sa palayan si Elrond.

“Siyempre hindi, *Pogi*.” Malamig na diniinan na naman ni Anika ang tawag dito. “Naisipan ko lang na dumaan dito.” *Dahil may iniiwasan ako*, dagdag niya sa isipan. “At kung childish pala,

dapat hindi ka na sumunod. Bumalik ka na. Baka po hanapin ka na ng fiancée mo.”

“Nope, she won’t,” kaswal na sagot nito. “We are here on our vacation leave. Tanghali pa gigising si Reena.”

Nilingon niya si Elrond. Napakatikas ng kababata sa NDPR T-shirt nito. Sinikap niyang huwag matulala sa pares ng malalaking braso nito at sa pagka-fit ng jeans sa mahahaba at mamuscle na mga biyas nito.

Sa tantiya ni Anika ay past seven na nang umaga. Sa gawing likod kasi nito ay maganda na ang sikat ng araw, pinagmumukha itong isang anghel sa maaamo nitong mga tingin sa kanya.

Anghel raw? Napaismid siya. “Okay lang ako, Pogi. Bumalik ka na—”

“Tinatawag mo akong ‘Pogi’ sa tonong galit ka. Pero okay na rin kesa pormalan mo ako. I can understand Billy’s irritation when you used that formality towards him. Mas nakakaasar.”

“Paano mo nalaman? Nakikinig ka ba?”

“I’m with my sisters in front distributing drinks and sandwiches. Wala akong narinig sa inyo. But if you can remember, I can read lips. Na-adopt ko sa mga kaklase kong bingi.”

“Bingi talaga? How rude.” Nagpakita na

si Anika ng inis. “H.I. ang tawag sa may mga ganoong disability. Hearing impaired! You’ve been there. How can you be so insensitive?”

“Same old, Nica. Ikaw pa rin ang taong tipong nagpapanting ang tainga kapag PWDs ang issue. You were my savior back then. That’s why I fell in love with you.”

Patalikod na sana ang dalaga. Sa huling sinabi ng kababata ay nasorpresa siya na ikinadulas ng isa niyang paa sa gilid ng pilapil. Naging maagap naman si Elrond na masungaban siya. Pero nahulog ang sunglasses ni Anika sa putikan.

Ito naman ang nabigla sa pagkakita sa mugto niyang mga mata. “Why? How...?” Naningkit ang mga mata nito. “Ano ang ginawa ng Billy na ‘yun? May—”

“Until now, you are still one lousy liar,” putol niya. Nagpumiglas siya sa pagkakahawak ng binata. “Kasasabi mo lang na nabasa mo sa mga labi namin ni Billy ang usapan namin. Alam mo na hindi ko na siya boyfriend. Gusto mo lang talaga na itatak sa isipan mo na naging unfair ako sa ‘yo.” Inunahan niya ito bago makapagsalita. “Totoo ba na hindi ka nakibalita sa akin? Alam kong galit ka noong umalis ka. Puwedeng hindi mo ako pinansin o ang mga sulat ko sa ‘yo.

Pero nang mauso ang *FB*? Talagang... hindi ka nakibalita sa akin?”

“Sinagot mo si Billy.” Tumabang na ang tono ni Elrond.

“A year after I graduated from college...” Gusto niyang idagdag ang pangako niya sa ina. But what’s the use?

“Eh, ano kung graduate ka na ng college?”

“Nauna kang magka-girlfriend,” putol uli niya. “Surely, hindi ka mag-e-expect na aasa ako na sincere ka sa sinabi mo sa akin noon.”

Yet Anika wanted to scream her heart out. Umasa kasi siya. She had hoped and prayed na sa kabila ng maraming naging girlfriend ni Elrond, siya pa rin ang babalikan nito. Pero may pinili na ang kababata.

Pagak na tumawa ang dating kaibigan. “Kung naging loyal pala ako, hindi ka magbo-boyfriend. Hihintayin mo ako. Meaning you also like me back then... not as a friend.”

“But like you said, we were still young,” mabilis na dagdag ni Anika. Maybe she had shown a bit of her true feelings. But she won’t let him have something to brag about. *Swerte naman niya!* “Hindi pa natin alam ang tunay na gusto natin.”

Nawala ang mga ngiti ng kausap. Mariing tinitigan siya nito. Mula sa mapupungay niyang mga mata pababa sa mapupula niyang mga labi. Halos matunaw si Anika. She tried her best not to flinch. Akmang kikilos na uli siya paalis nang hawakan ng kababata ang isa niyang kamay.

“Wait,” anito. “I just want to prove something.”

Nagsalubong ang mga kilay niya. At bago pa siya makapagkomento ng anuman, bumaba na ang mukha ni Elrond sa kanya. Dinampian siya nito ng halik sa mga labi. Saglit lang iyon. Nagangat din ito agad ng ulo, pero para pa rin siyang nakuryente. Pinamilugan niya ng mga mata ang binata. Hindi makapaniwala sa ginawa nito.

“First kiss?” Nakangisi, halatang na-amuse si Elrond. “Hindi ka pa pala nahalikan ng Billy na ‘yun?”

Pinamulahan ng mga pisngi si Anika. “None of your busi—!”

Pinatahimik siya ng bibig nito. Hinalikan uli siya. Sa puntong iyon, sinapo na ng kababata ang kanyang ulo para sa mas malalim na halik. Elrond kissed her fiercely, wanting her to respond.

Sa panig ni Anika, kilabot na kilabot siya in a weird, pleasant way. Pinatindi iyon ng pagdampi ng isang palad nito sa balakang niya. Pero

hanggang doon lang ang binata. Naitulak kasi niya ito sa pagpipigil na gumanti ng halik. Pareho silang nawalan ng balanse at nahulog sa putikan.

“Seriously?” Katulad niya, naka-brown T-shirt ni Elrond. Putikan din ang jeans at ang mga rubber shoes ng binata pagtayo nito. Isang nang-aasar na ngiti ang namuo sa mga labi nito.

“As if hindi mo na-enjoy ang mga halik ko.”

“Nagbago ka na nga. Bastos! Huwag ka nang lalapit sa akin—”

Nag-sign language ito sa kanya. Pumorma ng ‘W’ gamit ang mga kamay: *‘Whatever’*.

She was still in shock when she reached home. Hindi dahil sa umuwi siyang marungis at putikan, kundi dahil sa insidenteng nangyari sa kanila ng dating kaibigan. Hinalikan siya ng binata at ikinaasar niya ang ideya na mahal pa rin niya ito.

Ayaw nang magpakagaga ni Anika. Umasa siya na lumipad na ang magnobyong sa Amerika kinabukasan. Pero bigo siya. Sa kasamaang palad, binisita pa siya ng galit na fiancée nito para gawaran siya ng sampal.